# PROLOGUE

Nakita ng labing-anim na taong gulang na si Frances Mae o Cheska, na may kausap na babae ang kanyang papa. Mabilis siyang nagtago sa likod ng pinto ng malaking bulwagan ng kanilang mansion upang makinig sa usapan ng mga ito.

“Sige, Sylvia, maaasahan mo ako. Tutulungan kitang magkaroon ng trabaho dito sa aking hacienda. Nakakalungkot lang malaman na namatay na pala ang ‘yong asawa. Dalawa na sana kayong bibigyan ko ng trabaho dito. Tutulungan ko rin ang iyong anak. Hindi pa huli ang iyong anak para mag-exam sa scholarship ko,” mahabang litanya ng kanyang ama sa maputi at magandang babaeng iyon. Hindi ito pamilyar sa kanya, hindi niya ito kilala.

Nakita niya ang pag-aliwalas ng hitsura nito nang marinig ang sinabi ng kanyang papa. “Salamat, Don Manoling. Huwag ho kayong mag-alala, matalinong bata si Bartolome; hindi niya kayo bibiguin. Utang ho namin sa inyo ang lahat ng ito. Napakabuti n’yo po talaga.”

Sa inis ni Cheska ay iniwan niya ang tagpong

iyon at pumunta sa paborito niyang lugar sa mansion, ang garden.

Nag-iisang anak siya ni Manuel Romualdo na mas kilala sa tawag na 'Don Manoling,' ang isa sa pinakamayayamang tao sa kanilang lugar sa Sta. Clara, Ilocos Sur. Maraming tao ang humahanga rito dahil sa pagkamatulungin nito at walang pinipiling kaibiganin mapa-mayaman man o mahirap. Pero sa tingin ni Cheska, nagsasamantala sa kabaitan ng kanyang ama ang mga tao roon.

Luminga siya sa paligid. Napangiti siya kahit papaano; naroon kasi siya sa paborito niyang lugar sa kanilang hacienda. Namataan niya ang treehouse na nasa ng puno ng malaking mangga. Dito siya madalas nakatambay kapag hindi niya kasama ang kanyang mga kaibigan.

Papunta na lang siya sa lilim niyon nang mapansing may taong nakatayo sa katawan ng puno; isa iyong lalaki. Tumaas ang kilay niya. Sino kaya itong naligaw sa kanyang puno? Walang kaluskos siyang lumapit dito. Dahil nakatalikod ito sa kinaroroonan niya ay hindi siya nito kaagad napansin.

Naka-sideview ito sa kanya kaya malaya niya

itong napagmasdan. Sa tingin niya ay hindi nalalayo ang kanilang mga edad, baka nga magkasing-edad lang sila nito. Maamo ang mukha nitong tila hindi makabasag-pinggan. May kaputian din ito at matangkad. Napangiwi siya dahil sa tingin niya ay mas payat pa ito sa kanya. Sino kaya ito?

Naramdaman yata ng lalaki na may nakatingin dito, lumingon ito sa kinaroroonan niya.

Ngumiti ito sa kanya. "Magandang umaga ho, Señorita," malamyos ang tinig na bati nito. Tiningnan ito ni Cheska mula ulo hanggang paa. Sa kupasin nitong maong at sa t-shirt na may butas pa sa bandang dibdib, napagtanto kaagad niya na anak ito ng isa mga tauhan ng kanyang papa.

"Sa tingin ko ho'y kayo ang anak ni Don Manoling," sabi nito nang hindi siya sumagot. Tinaasan niya ito ng kilay.

"At ikaw ang anak ng isa sa mga trabahador namin. Ano'ng ginagawa n'yo dito, mangungutang na naman ba kayo sa papa ko?" mataray na saad niya.

Napasinghap ang lalaki, tila hindi nito inaasahan ang sinabi niya. Marahan itong tumitig sa kanya.

"Ipagpaumanhin n'yo, Señorita, pero hindi kami

naparito para umutang sa inyong papa. Naparito kami para humingi ng tulong upang makapagtrabaho sa inyong hacienda. Kakalipat lang po namin dito sa inyong probinsya mula sa Maynila."

"Oh, come on. Ganyan na ganyan rin ang sinabi ng mga lumoloko sa aking papa, sa umpisa ay mababait pero kapag nagtiwala na sa inyo ang papa ko ay niloloko na ninyo."

"Nais ko lang pong ipaalam na kalilipat lang po namin at wala po kaming alam sa mga nanloko sa iyong papa," matatag na sagot nitong hindi man lang natakot sa sinabi niya. Lalo niya itong tinaasan ng kilay at saka naghalukipkip.

"Ako nga pala si Bartolome. Puwede n'yo akong tawaging 'Bart.' Ang aking ina ay kasalukuyang kinakausap ng inyong papa at ang pangalan niya'y Sylvia. Third year high school na ako sa pasukan at humihingi kami ng tulong sa inyong papa para makapag-aral ako."

"Huwag mong sabihing pati sa pag-e-enroll mo ay papa ko ang sasagot?" nakakaloko niyang tanong.

"Hindi ho sa gan'un, Señorita. Humihingi lang po kami ng tulong para makapag-exam ako sa

foundation. Narinig kasi naming nagbibigay sila ng scholarship."

Sa tingin ni Cheska, wala sa hitsura ng kausap na papasa ito sa exam para magkaroon ng scholarship grant na binibigay ng foundation ng papa niya.

"Matalino lang ang pumapasa sa exam na iyon."

Namula si Bart sa sinabi niya. "Kung hangad ng isang tao na makapagtapos sa pag-aaral, gagawin niya ang lahat para matupad iyon," saad nito.

"Dapat lang. Mahirap na nga kayo, sasayangin mo pa ang perang pinaghirapan ng mga magulang mo para lamang igapang ka sa pag-aaral?"

"Hindi dapat ganyan ang pakikitungo mo sa mga tauhan ninyo, Señorita," paalala nito.

Tumawa siya nang pagak. "At paano? Gusto mong ipagtimpla kita ng juice para inumin mo?" Isang malakas na tawa ang pinakawalan ni Cheska.

Marahang tumitig ito sa kanya. "Kung totoo nga ang sinabi ng aking ina na mabait si Don Manoling, kabaligtaran naman iyon ng nag-iisang anak niya na mapanghamak sa kapwa."

Nakakatulig ang ginawa niyang pagsampal sa

kausap. Hindi nito iyon inaasahan kaya muntik na itong matumba. Namula ang pisngi nito ngunit hindi nagsalita. Tumitig lang ito sa kanya at marahang hinaplos ang nasaktang pisngi.

Kahit papaano ay nakaramdam siya ng sundot ng konsyensya.

"Hija, nariyan ka pala. Mabuti't nagkakilala na kayo ng anak nitong si Sylvia." Si Don Manoling iyon na nakalapit na sa kanila nang hindi nila namamalayan. Kasama nito ang nanay ng lalaking nasampal niya. "Naku, Bartolome, baka kung ano na ang sinabi sa iyo ng anak ko. Pilya kasi ang batang ito," anitong nakatawa saka inakbayan siya.

"Wala naman ho, Don Manoling. Hindi ko ho akalain na mabait rin pala ang inyong anak katulad n'yo," anito saka tumingin sa gawi niya.

"Naku! Totoo nga ang sinasabi ng mga tao na napakaganda ng inyong anak at mabait rin pala katulad n'yo, Don Manoling," puri ni Sylvia.

"Mabuti naman pala at magkasundo kayo. Kapag pumasa si Bartolome sa exam ay magiging magkaklase kayo nitong dalagita ko."

Nagulat si Cheska sa sinabi ng ama. But she

doubted it if Bart would pass the exam!

“Sure, Papa. Iyon lang pala,” aniyang may ibang laman ang isip.

“Asahan n’yo ho, Don Manoling, na hindi kayo mabibigo sa pagtulong sa amin. Magsisipag ako sa pag-aaral para ipakita sa inyo na gusto kong makatapos sa aking pag-aaral,” sagot ng lalaki na sa kanya nakatingin.

---

“Bukas ’yan,” ani Don Manoling nang isang gabing ipatawag nito ang anak sa library ng kanilang bahay. Nagulat si Cheska nang mabungaran ang papa niya na kaharap si Bart. Dalawang linggo na ang nakakaraan mula noong una silang magkita ng binata at ngayon niya lang uli ito nakita.

Umupo siya sa harap nito sa kabilang upuan sa tapat ng library table ng ama. Hindi man lang siya nito tinapunan ng tingin.

“Bakit mo ako ipinatawag, Papa?”

“Sinadya kong ipatawag kayong dalawa,” pasakalye ng don. “Nais kong ipaalam sa iyo, Frances Mae, na ngayong pasukan ay magiging kaklase mo na

si Bartolome dahil nakapasa siya sa scholarship exam ng foundation." Dumako ang paningin niya sa binata. Tila ipinagmamalaki nito sa kanya na pumasa ito.

"Tama nga ang sinabi sa akin ng kanyang inay na matalinong bata itong si Bartolome at dahil diyan ay may naisip akong ideya."

Parang hindi niya gusto ang pagkakangiti ni Don Manoling; natitiyak niyang hindi niya magugustuhan ang susunod nitong sasabihin. "Gagawin kong tutor mo si Bartolome."

Pakiramdam ni Frances, nagdeklara ng martial law ang papa niya nang sandaling iyon.

# 1

Kanina pa nakatanaw si Cheska sa labas ng bintana ng library ng kanyang mansion. Minana niya iyon sa yumao niyang ama tatlong taon na ang nakakaraan.

Kabilin-bilinan ni Don Manoling na huwag niyang pababayaan ang malaking bahay at ang hacienda.

Gagawin niya ang lahat para lang matubos at huwag tuluyang iilit ng bangko ang mga ari-arian niya, kahit pa ang makipagkasundo sa abogado ng gustong makipagkontrata sa kanya. Ang kasunduan: babayaran nito ang lahat ng pagkakautang niya, mapapasakanya pa rin ang hacienda at ang ibang naging nesgosyo ng kanyang ama, pero kailangang hati sila sa pamamahala niyon. Okay lang iyon sa kanya dahil nag-iisa siya sa pamamahala at nahihirapan na rin siya. Pero ang problema, hindi niya kilala kung sino ang ka-deal niya.

Ang mga kondisyones ay nakasulat sa isang kontrata. Ngayong araw na ito darating ang abogado na nagngangalang Atty. Teodoro Linco para malaman ang kanyang kasagutan at the same time para na rin pirmahan ang mga dokumento. Hindi na raw kasi

makapaghintay ang kliyente nito. At noong nakalipas na gabi lang siya nakapagdesisyon pagkatapos ng isang linggong palugit na ipinagkaloob ng buyer.

Mayamaya pa ay narinig niya ang sunud-sunod na pagkatok sa pinto ng library. “Come in,” aniya.

Bumukas iyon at iniluwa ang kanyang tagapag-alaga na si Yaya Amor. “Hija, nariyan na si Atty. Linco. Papapasukin ko na ba?” anito.

“Opo, Yaya. Salamat.”

Ilang sandali pa ay bumukas na ang pinto at iniluwa niyon ang isang di-katangkarang lalaki, nasa early fifties ang edad at nakasuot ng malaking eyeglasses.

Ngumiti ito sa kanya. “Did I keep you waiting?” nakangiti nitong bungad saka ibinaba ang attaché case na dala sa kanyang mesa.

“Good morning, Attorney. Please have a seat,” ani Cheska. Umupo ito sa isa sa dalawang silya sa harap ng mahogany desk niya.

“Hija, hindi na ako magpaliguy-ligoy pa. Napag-isipan mo na ba ang offer ng aking kliyente?”

“Oho, Attorney.” Sadyang pinatatag niya ang boses.

"And may I know your decision?"

Napabuntong-hininga muna siya, "Tinatanggap ko ang offer, Attorney. I don't want this to happen, pero naiipit ako sa sitwasyon and blessing ang pagdating n'yo dahil kailangang-kailangan ko talaga ng tulong." Lihim siyang napangiwi sa kanyang sinabi.

Ngayon lang siya humingi ng tulong sa ibang tao at hindi niya nagugustuhan ang isipin na para siyang namamalimos ngayon.

"Very well, good decision," natutuwang turan ng kaharap.

Inilahad ni Cheska ang kaliwang kamay para abutin ang pinakabuod ng usapang iyon—ang kontrata.

Nakuha nito ang ibig niyang sabihin, inilabas nito mula sa attaché case ang folder saka iniabot sa kanya. Matagal niyang pinagmasdan ang dokumento na parang gusto pa niyang magbago ng isip. Tiningnan niya ang abogado na mataman pa ring nakatingin sa kanya.

Hindi niya binabasa iyon. Hinagilap na niya ang kanyang *Mont Blanc* pen.

“Hindi mo ba babasahin muna?” tanong ng abogado pagkatapos makita ang kanyang ginagawa.

Nagkibit-balikat si Cheska. “No need, Attorney. Sapat na sa akin ang mga sinabi mo noong nakaraang magkita tayo. Isa pa, marami rin akong dapat ayusin at puntahan. Wala na akong panahon para basahin pa ang stupid contract na ito.”

Napasinghap ito. “Miss Romualdo, puwede pang magbago ang isip mo ngayong hindi pa ito napipirmahan at—”

“No, I will sign this and that’s my decision.”

“Okay, maano nga naman kung ayaw mong basahin. But sasabihin ko pa rin sa ’yo ang mga kondisyon. Una, dahil kakagaling ng America ng aking kliyente at wala pa siyang matinong tutuluyan, gusto niyang dito mamirmihan kapag wala siya sa Maynila. Pangalawa, gusto ng aking client na equal kayo sa lahat ng desisyon pagdating sa negosyo. Pangatlo, gusto niyang mabigyan ng benefits ang mga trabahador na naaayon sa batas. At—”

“Tama na, Attorney…” Hindi na ito pinatapos ni Cheska sa iba pa nitong sasabihin. Bagkus ay binuklat niya ang page kung saan kakailanganin ang kanyang pirma at walang pag-atubiling inilagda

niya ang pangalan. Saka siya napapikit nang mariin. “Kailan ko makikilala ang kliyente ninyo?”

“One of these days, hija.”

“Kilala ko ba siya? At least, I have a right to know his name, right, Attorney?”

“I’m afraid not, hija. Kabilin-bilinan ng aking kliyente na hindi ko ipagtatapat sa ’yo ang kanyang pagkatao.” Of course, nasabi na nito iyon sa kanya noong huli silang magkita. Hindi na siya nangulit.

---

Dalawang araw na ang nakakalipas mula noong pirmahan niya ang kontrata, pero hanggang ngayon ay wala pang nagpapakita kay Cheska para i-claim na isa na ito sa nagmamay-ari ng libu-libong ektarya ng lupaing iyon.

Lahat ng marating ng kanyang mga mata ay pag-aari niya. Naroon siya ngayon sa pinakataas na bahagi ng burol kung saan kitang-kita ang kabuuan ng Hacienda Romualdo.

Tatlong taon na ang nakakaraan nang pumanaw ang kanyang papa. Nasa Maynila siya noon at kasalukuyang pinamamahalaan ang kanyang restaurant na sariling sikap at tiyaga ang pinuhunan

niya kaya naipatayo. Noon ay nagkaroon ng lamat ang relasyon nilang mag-ama kaya kinailangan niyang lumayo rito. Isang pangyayari sa nakaraan ang dahilan ng kanilang pagkakalayo. Ayaw na niyang ungkatin at alalahanin pa iyon.

Ilang taon niyang natiis ang ama. Hindi siya kailanman umuwi ng Sta. Clara kaya nang mamatay ang papa niya ay saka lang niya napagtanto ang kanyang malaking pagkakamali.

Natuklasan ni Cheska ang nilalaman ng last will and testament nito na nagsasabing sa kanya ipinamana ang lahat ng ari-arian ng ama. Mula sa araw na iyon ay isinumpa niya sa sarili na bibigyang-halaga niya iyon upang kahit sa pamamagitan lamang niyon ay makapagbayad siya ng kasalanan sa ama. Lahat ay gagawin niya para mapaunlad ang negosyong iniwan sa kanya. Ipinagbili niya ang kanyang negosyo sa Maynila para ang hacienda ang mas mapagtuunan niya ng pansin.

Pero hindi pa nagtatagal, nalaman niyang bankrupt na pala ang hacienda at nakasangla iyon sa bangko pati ang mansion. Wala siyang nagawa kundi patulan ang tulong na dumating.

Tinahak ni Cheska ang kahabaan ng hilera ng mga burol na naroon din sa mismong kagubatang

iyon na sakop pa rin ng Hacienda Romualdo. Kay tagal na rin mula noong huli niyang punta roon.

Eleven years ago. Naalala niya ang kanyang kabataan kung kailan lagi siyang nagpupunta roon.

Sa di-maipaliwanag na dahilan, biglang rumehistro sa balintataw niya ang hitsura ng lalaking iyon. Bumalik sa alaala niya ang isang pangyayari noong kanyang kabataan, isang hapon sa mismong lugar din na iyon….

# 2

Eleven years ago…

*Yamot na yamot na si Cheska sa kalalakad nila, idagdag pa ang hindi na yata mapagkit na pagkakatingin sa kanya ng mga matang iyon ni Bartolome. Nakapasa ito sa exam ng foundation ng papa niya at noon ding pasukang iyon ay naging kaklase niya ito sa third year.*

*Napag-alaman niyang eighteen na pala ito, dalawang taon ang tanda nito sa kanya. Kaya nahuli ito sa klase ay dahil ilang ulit daw nagpalipat-lipat ng tirahan ang pamilya nito. Namatay pa ang ama nito. At hanggang sa kasalukuyan ay yamot na yamot pa rin siya kay Bart lalo na nang ideklara ng papa niyang maging tutor niya ito.*

*"What are you looking at?" Ipinahalata ni Cheska na naiinis siya sa ginagawa nitong pagtitig sa kanya.*

*"Nagagandahan lang ako sa 'yo," sagot nito.*

*"Señorita, Bartolome. How many times do I have to tell you that you should address me that way?"*

*"Sinabi kasi ni Don Manoling na tawagin na*

*lamang kita sa iyong pangalan at hangga't siya ang nagpapasuweldo sa akin ay siya ang susundin ko."*

*"What if sabihin ko sa Papa na ngayon din ay patalsikin ka niya?" nanghahamong turan ni Cheska.*

*"Go and tell him, sasamahan pa kita with matching choir para may background music habang nag-usap kayo." Iniinis talaga siya ni Bart.*

*"Pasalamat ka at mabait sa akin si Tita Sylvia. Kung hindi lang dahil sa kanya, hindi ako matatakot na mawalan ka ng trabaho at mawalan ng kakainin."*

*Noon ito nagseryoso at mataman siyang tiningnan.*

*"Maliit talaga ang tingin mo sa mga katulad naming mahihirap." Malungkot ang boses ni Bart.*

*"Baka mahawa ako sa mga mikrobyong nakakapit sa inyong mga katawan at baka ano pang bacteria ang maipasa mo sa akin sa pakikipaglapit sa inyo," mapag-insultong saad niya.*

*"Wala na akong magagawa kung ganyan ang tingin mo sa amin." Malungkot na nagkibit-balikat ito. And why the sudden urge na gusto niyang aluin ito? Pero pinigilan niya ang sarili.*

*Hindi nakasagot ang dalagita nang makita ang*

*isang napakalaking sawa sa isang sanga na naroon sa kanyang harapan. Nahihintakutang napaurong siya. Gumala ang kanyang paningin, tiningnan niya si Bart na noon ay papaalis na. Dahil sa inis sa lalaking ito ay nagkaroon siya ng isang nakakapangilabot na ideya.*

*"Bartolome!" tawag niya. Hindi ito nagsalita o lumingon man lang.*

*Hindi siya makaalis sa kinaroroonan dahil baka isang kilos lang ay bigla siyang atakehin ng sawa at isa lamang ang paraan para makaalis siya roon. Iyon ay kung may haharang sa harap niya. Kung magkagayon ay mapupunta ang atensyon ng sawa sa nasa harap niya.*

*"Bartolome, ano ba!" Nagsimula na siyang mag-panic nang makitang unti-unting lumalapit sa kanya ang malaking ahas. "Bartolome, am I not attractive?" Nilambingan niya ang tinig, out of frustration.*

*Awtomatikong tumingin sa kinaroroonan niya ang lalaki na para bang tinatantya kung sa kanya nga nagmula ang mga salitang iyon.*

*"Come here, Bartolome… and kiss me."*

*Umiling-iling ito. "Hindi ko magagawa 'yan. Tara na, hinihintay na tayo ng iyong papa." Nagsimula*

*itong lumakad muli at iniwan siya. Napaiyak na siya.*

*"Bartolome, kapag hindi ka lumapit dito't hindi mo ako hinalikan, I swear it would be a nightmare for me. Iisipin kong hindi ako maganda dahil ako na mismo ang humihiling ay tinatanggihan mo pa."*

*Nakita niya kung ilang ulit itong napasinghap. Mayamaya pa ay unti-unti itong lumapit.*

*"God, Frances Mae! Forgive me but…." Nang tuluyang makalapit ang binata ay nakita niya kung gaano kalapit ang sawa sa kanila. Hindi niya maipaliwanag ang sarili kung bakit naapektuhan siya sa pagkakalapit nilang iyon ni Bartolome. Nang aktong maglalapat na ang kanilang mga labi ay saka siya bumitiw sa napakainit na palad nito. "Ano'ng…?" Gulat na gulat ito nang makita ang nasa balikat nito—isang sawa!*

*Napaiyak siya nang tuluyan. She hated this man pero hindi niya gustong may mangyari ritong masama.*

*"Go, Frances Mae! Humingi ka ng tulong!" sigaw nito habang nakikipagpambuno sa ahas.*

*Sa kawalan ng masasabi ay napatakbo siya. Hindi niya alam ang pupuntahan at hindi na siya pamilyar sa daan.*

*Sa tindi ng pagod at pagkabigla ay nawalan siya ng malay-tao, pero bago iyon ay narinig pa niya ang kaluskos ng paparating na kabayo. Nagpasalamat siya nang makita siya ng mga tauhan ng ama.*

*Nalaman niyang nabaril ng mga tauhan ng papa niya ang sawang muntik nang lumamon kay Bartolome. Tatlong araw na absent ang binata sa klase dahil naospital ito dulot ng nakuhang sugat at tuklaw ng ahas.*

*Sa tatlong araw ni Bart sa ospital ay hindi niya ito binisita. Natatakot siya sa maaaring sabihin nito at malaman iyon ng kanyang papa. Tiyak din niyang nang mga sandaling iyon ay nalaman na nito ang ginawa niya para matuon ang atensyon ng sawa sa iba. Somehow, she felt guilty.*

---

Bahaw siyang napangiti sa kapirasong alaala na iyon. Bartolome. Minsan pa sumagi sa kanyang isip ang pangalang iyon. Kay tagal na nawaglit sa kanyang alaala ang nakaraang may kinalaman dito, pero bakit bigla-bigla ay naisip niya ito ngayon?

Nilakbay niya ang kahabaan ng kagubatan habang sakay ng pinakapaborito niyang kabayo. Dahil sa pinaghalong pressure at emotional torture

ay napagpasyahan niyang maligo sa batis na naroon sa harap niya. Sa ganoong paraan, alam niyang kahit papaano ay masisiyahan siya at sandaling makalimutan ang problema.

Ilang tao lang ang nakakaalam ng lugar na iyon sa sulok ng hacienda. Isang living paradise ang batis dahil sa taglay na kagandahan ng paligid. Sariwang hangin, malinis at malinaw na tubig, iba't ibang nagliliparang ibon sa mga naglalakihang punong-kahoy at ang mga wild orchids at iba pang klase ng bulaklak na tumubo roon with different shapes and colors.

Walang pag-aalinlangang naghubad ang dalaga ng kanyang pang-itaas at isinunod ang pantalon. Itinira niya ang kanyang underwear, without thinking na may maliligaw roon sa iilang nakakaalam ng lugar na iyon.

Nag-dive siya sa malinaw at malinis na tubig ng batis at ilang ulit na nagpabalik-balik sa paglangoy. Ilang minuto siyang ganoon ang ginagawa nang maramdaman niyang tila may nakamasid sa kanya. Awtomatikong iginala niya ang paningin, wala. Walang tao siyang nakikita. Imahinasyon lang niya siguro iyon. Kinakabahan pa ring muli siyang lumangoy at inabala ang sarili.

Pero gayon na lang ang panlalaki ng kanyang mga mata nang sa pag-ahon niya sa tubig ay makita ang isang lalaking nakatayo sa mabatong bahagi ng pampang di-kalayuan sa kanyang kinaroroonan.

Mabilis na hinanap ng mga mata niya ang mga hinubad na damit. There was panic and restlessness on her beautiful face.

Dali-dali siyang nagbihis. Katataas pa lamang niya ng zipper ng kanyang jeans nang biglang may marinig siyang tinig.

"You're still beautiful as ever, Frances Mae Romualdo," anang isang mababa at baritonong boses mula sa kanyang likuran. Lumingon siya at isang matangkad na lalaki ang kanyang nakita. Naka-checkered polo at black pants ito, hindi naitago ng kasuotan nito ang magandang pangangatawan na bumabakat sa mga damit na iyon. Tall, dark and handsome. That was the right term to use to describe this man standing in front of her. Iyon ang kanyang ideal man.

"Do I know you?" Mababanaag pa rin ang takot sa kanyang boses, gayundin ang pagtataka.

"Why are you so afraid, Frances Mae? Nasaan na ang itinatak mo sa aking matapang at matigas

ang ulong babae?”

Frances Mae. Frances Mae. Bukod sa kanyang papa, isang tao lamang ang tumatawag sa kanyang buong pangalan. *Oh, my God, it can’t be! Cannot be him!*

Tinanggal ng estrangherong lalaki ang sunglasses nito. Para itong Greek god na bumaba sa lupa. Napakaguwapo nito.

Nang bumaling si Cheska sa mga mata nito ay gayon na lang ang panginginig ng kanyang mga tuhod at kalamnan. Baguhin man ito ng panahon, magbago man ito ng anyo ngunit ang mga mata nito ay hindi maipagkakailang sa iisang tao lamang. Hindi nagbabago ang mga matang iyon na may kaakibat na lungkot. Ngunit ngayon, nadagdagan iyon ang pagkaarogante at galit. Galit para saan?

“Kumusta ka na, Frances Mae?”

“Bartolome?”

Ngumisi ito nang nakakaloko. “At you’re service, Señorita.” Yumukod pa ito sa paraang nang-iinis.

“What—w-why…? I m-mean w-why are you h-here?”

Oo nga pala. Bakit nga ba hindi niya naisip,

isa rin pala ang lalaking ito sa mga nakakaalam ng lugar na iyon.

"This is my private property now. May masama ba kung pasyalan ko ang aking pagmamay-aring lupain?"

Parang gusto niyang panawan ng ulirat sa sinabi nito. Ito ang nakabili ng kanyang lupain? Paano nangyari iyon? Paanong ang isang Bartolome na isang nobody lamang, katulad ng ipinangangalandakan niya noon, ay nagkaroon ng maraming pera?

Para naman nitong nabasa ang iniisip niya. "Bakit parang gulat na gulat ka? Hindi mo ba akalaing ang isang kagaya ko ay yayaman din ng higit pa sa inaakala mong mararating ko?"

Walang anu-anong lumapit ito sa kanya at hinapit siya sa baywang, walang pakialam kung mabasa man ang damit nito. Pero kahit anong lamig ng tubig na nasa kanyang balat ay hindi naikaila sa kanya ang init na tumagos sa kanyang balat, dala ng pagkakalapit nila ni Bart. Nakapagpaligalig iyon sa kanyang natutulog na pagnanasa. *But no, not with this man!*

"Bartolome, let me go!" Kulang na kulang iyon sa tapang at nagagalit siya sa sarili dahil doon.

"Bakit, Frances Mae?" malagom ang tinig na anas nito. "Hindi ba ito ang gusto mo? Na kahit na sinong lalaking mapapalapit sa 'yo ay pagkaguluhan ka."

Napapikit si Cheska sa halu-halong damdaming ipinaparating nito sa kanya. Tinuksu-tukso nito ang kanyang mga labi. Naroong ilapit nito ang bibig sa kanya at bigla ring ilalayo. Pinarurusahan siya nito at inaamin niya na nagtagumpay ito.

*Bakit gumuwapo ka nang ganito, Bartolome? At bakit ganito na lang ang epekto mo sa akin?*

"What is it that I've seen in your eyes?" nanunuksong anas nito, fanning her face with his breath. "Was that hunger? Ano'ng nangyari, Frances Mae, at bakit hindi ka lumayo sa akin ngayon? Baka may bacteria na kumapit sa iyo galing sa akin." Bahaw itong tumawa. At bago pa niya mailayo ang sarili rito ay bahagya na siya nitong naitulak palayo.

Gustong itago ni Cheska ang katawan. Alam niyang naaaninag nito iyon nang malinaw dahil nabasa na rin iyon.

"Do you think your body interests me? Huwag mo nang takpan 'yan, hindi ako interesado. Kung 'yun ang pinag-aalala mo, I have seen better. I've

had women sexier than you," nang-uuyam na turan nito.

*The nerve!* gusto niyang isinghal. Pero para saan ang pakiramdam na tila bahagyang kumirot ang isang bahagi ng kanyang puso sa kaalamang marami na itong nakarelasyon? Or worse, baka may sarili na rin itong pamilya.

Kaagad niyang kinastigo ang sarili dahil doon. So what? Wala siyang pakialam sa affairs nito. Wala siyang pakialam sa lalaking ito.

Nang lumakad ito palayo, sumunod siya. "Ikaw ba ang nakabili ng hacienda, Bartolome?"

Mabagal itong lumingon sa kanya. "Bakit? Kataka-taka ba na sa katulad kong alila napunta ang mga lupaing dapat ay sa 'yo lamang? Pero huwag kang mag-alala dahil hindi ako maramot, pantay tayo ng karapatan dito."

"Bakit mo ginawa iyon? Bakit mo'ko tinutulungan pagkatapos ng mga nagawa ko sa 'yo noon?"

"Kahit papaano'y may natitira pang awa sa akin para sa 'yo. S'an ka pupulutin kapag nawala ang mga iniwan sa 'yo ng iyong ama?"

Awa. Iyon lang pala iyon. Bumangon ang inis sa

dibdib ng dalaga. "Hindi ko kailangan ng awa mo, Bartolome. Puwede mo pang baguhin ang kontrata. Bilhin mo na ang hacienda and I can survive."

Wala itong sinabi, bagkus ay tiningnan lang siya. Nanatili ang kanyang matigas na expression, ipinapahiwatig sa lalaki na seryoso siya sa sinasabi.

"Let's go," anito pagkuwan at marahas na inabot ang braso niya. Napapitlag siya at hinila iyon. Kumunot ang noo nito. "Will you stop being stubborn? Umuwi na tayo. Malayo ang nilakbay ko at may jet lag pa ako." Nang hindi pa rin siya tuminag, "Kikilos ka ba diyan o kailangan pang buhatin kita?" Isang pilyong ngiti ang sumilay sa mga labi nito.

*Paano mo naabot ang kinalalagyan mo, Bartolome?* gusto niyang itanong. *From being a thin, clumsy and practically a nobody to a tall, handsome and authoritative man. How come?*

Pero nabitin lamang sa lalamunan niya ang kanyang mga tanong.

---

Nadatnan ni Cheska si Yaya Amor na naghahanda ng hapunan sa dining room. Nagulat pa ito nang makita siya.

“Akala ko’y wala nang bababa isa man sa inyo, kanina pa kayo nagkukulong sa inyong mga kuwarto,” anito. Kung gayon ay alam na ng matandang babae na dumating na sa malaking bahay ang anak ni Sylvia.

“Uhrm… Yaya, nas’an ho si Bartolome?”

“Ay, ’ayun. Mula pa kanina pagdating ninyo ay pumasok na sa kuwarto at bumaba lang kanina para kumuha ng tubig at fruit salad. Aba’y nagtataka na kami dito kung bakit isa man sa inyo ay walang gustong kumain ng hapunan.”

“So nakilala na pala niya ang mga katiwala dito sa mansion, Yaya?” Binuksan niya ang refrigerator upang kunin ang pitsel ng tubig at nagsalin sa baso.

“Oo, kanina pa pagdating niya. Nakipagkuwentuhan pa nga siya sa amin.” Ngumiti ito. “Walang ipinagbago ang batang iyon. Mabait pa rin at marunong makisalamuha sa mga katiwala kahit mayaman na. Ikaw agad ang hinanap ng batang iyon na parang kay tagal ka niyang na-miss.” Nagkaroon ng tonong nanunukso sa tinig nito.

Hindi niya pinansin iyon. Nagpaalam siya kay Yaya Amor at dumerecho na sa kanyang kuwarto para makaiwas sa panunudyo nito.

# 3

Maaliwalas ang gabi—bilog ang buwan, malamig ang simoy ng malinis na hangin. Pero naaalinsanganan si Cheska. Pasado alas nueve na ng gabi ngunit hindi pa rin siya makatulog.

Pinatungan niya ng robe ang suot na nightie at lumabas ng kanyang silid. Malayo pa siya ay naaaninag na niya ang usok ng sigarilyo sa terrace. Nalaman kaagad niyang si Bartolome ang may-ari ng makisig na pigurang naroroon.

Gusto niyang umurong at bumalik sa kanyang kuwarto, pero hindi niya maintindihan ang sarili na para bang may malakas na puwersang nag-uutos sa kanyang lapitan ang lalaki. Ang huli ang kanyang sinunod. Dahan-dahan siyang lumakad papuntang terrace, walang ingay na lumapit at umupo sa isang silya sa bandang likuran nito. Dahil nakatalikod ito ay malaya niyang napagmasdan ang kakisigang taglay nito.

Sino ang mag-aakalang ang payatot at lampang Bartolome noon ay magiging napakaguwapo at makapangyarihan ngayon?

Naramdaman yata nito na may nakatingin. Lumingon ito sa kanya at walang kaemo-emosyong bumawi rin ng tingin at tumingin sa malayo. Sunud-sunod ang buga nito ng usok.

"Nakapasa na ba ako ngayon sa pamantayan mo, Frances Mae Romualdo?" Wala siyang tugon sa sarkastikong tanong nito na iyon. Narinig niya ang marahas nitong pagbuntong-hininga. "Bakit narito ka pa? Hindi ba dapat ay natutulog ka na sa ganitong dis-oras ng gabi?"

"Mailap sa akin ang antok kaya napagpasyahan kong magpahangin muna," mahinang sagot niya.

Nagkibit-balikat lang ito, itinapon ang sigarilyo at muling tumingin sa malayo.

"Bartolome, there is only one question I have in mind and I hope you will answer me seriously."

"What is it?" Hindi pa rin ito humaharap sa kanya.

"Ano'ng kailangan mo sa akin at ginagawa mo ang lahat ng ito?"

"Hindi ko rin alam." Muli itong nagkibit-balikat. "I guess, napamahal na sa akin ang lugar na ito. Hinahanap-hanap ko ito noong nasa Amerika ako

kaya nang mabalitaan kong maiilit ito ng bangko, nanghinayang ako. Alam ko kung gaano kamahal ni Don Manoling ang hacienda. Ayoko ring tuluyang mawala sa iyo ang iniwan sa iyo ng iyong papa."

"Pero bakit?"

Sa wakas ay humarap ito sa dalaga. "What if I tell you I want revenge?"

Napalunok si Cheska. Naisip na nga niya iyon kaya tinanong na niya ito kaagad. "At a-anong klaseng paghihiganti?"

Sukat doon ay bumaba ang tingin nito sa kanyang dibdib, awtomatiko niya iyong tinakpan ng mga kanyang kamay. Nagtayuan yata lahat ng balahibo niya sa katawan.

Tumawa ito nang painsulto. "Rest assured, sweetie, hindi kita pag-iinteresan. Ang katulad mo'y hindi ko pag-aaksayahan ng panahon. Tira ng iba."

Nagpigil siya para huwag masampal ito.

"Ano, sasampalin mo na naman ako katulad ng ginawa mo n'ung una tayong magkita at sa hindi mabilang na pagkakataon?" nanghahamon nitong tanong, pero nakangisi. "Honestly, Frances Mae, naguguluhan rin ako sa sarili ko kung bakit hindi ko

na lang binili ang lahat ng ari-arian mo at pabayaan ka na lamang kung saan ka pulutin. But believe me, I have my reason. At huwag mo nang alamin dahil wala ka ring mapipiga sa akin."

Sa isang kilos ng binata, hinapit siya nito sa baywang at muntik na siyang mapaungol sa kakaibang init na hatid ng yapos nito.

"You're always confident, Frances Mae, and I like that." Muli nitong tinuksu-tukso ang kanyang mga labi, gaya ng ginawa nito kanina sa ilog. At halos hilingin na niyang ituloy nito ang paghalik sa kanya.

Ngunit nanaig ang isip niya. Pinigil niya ang sariling habulin ang mga labi nito. *Oh, God! Anong klaseng torture ito?*

Ngumisi ito bago nagsalita sa tapat mismo ng bibig niya. "Kahit hindi ako ang tipo ng lalaking gusto mo noon ay nagkaroon pa rin ako ng espesyal na bahagi sa 'yo, alam ko. Dahil kung hindi, hindi sana nangyari ang nangyari noong huli nating pagkikita…"

"What are you talking about?" parang maiiyak na sabi ni Cheska. Bakit inungkat pa nito ang bagay na matagal na niyang kinalimutan? Iyon ang

malaking dahilan kung bakit mula noon ay takot na siyang makipaglapit sa opposite sex.

“Oh, come on, Frances Mae. You knew exactly what I’m talking about.”

Kasabay niyon ang paglapat ng mga labi nito sa kanyang bibig. Marahas at walang pag-iingat pero halos malusaw ang mga buto niya sa panghihina. God! Nababaliw na yata siya!

Unti-unti, naging maingat at masuyo ang halik ni Bart. Na para bang isang babasaging kristal ang dalaga na iniingatan nito. Napapikit siya nang mariin. Pero kaagad din siyang nagising mula sa magandang panaginip na iyon nang marahas na bumitiw sa kanya si Bart.

Narinig pa niya ang malakas na halakhak ng binata habang nililisan ang terrace.

---

“Bakit ngayon ka lang?” Napapitlag si Cheska nang mula sa kanyang harapan ay magsalita si Bart. Nakade-kuwatro ito habang nakaupo sa sofa sa sala at kampante ang anyo nito. Maong pants, body-fitting shirt at sneakers ang gayak niya, katulad ng dati kapag kailangan niyang maglibot sa buong hacienda. “Napuyat ka ba nang husto sa kakaisip sa

halik ko kagabi?" Namimilyo ang mga mata nito.

"How rude of you!" asik ni Cheska. May halong katotohanan ang sinabi nito kaya siya nainis.

Tumawa lamang ito. "Kailangan mong sumama sa akin. May pupuntahan tayo."

"Saan ka ba pupunta at bakit kailangan pang sumama ako sa 'yo?" pagtataray niya.

"Don't worry I won't rape you. First day of work ko lang naman ngayon at bilang co-owner ko, responsibilidad mong i-tour at i-orient ako tungkol sa operation ng hacienda." Tinaasan niya ito ng isang kilay, pero wala iyong epekto sa lalaki. "But first and foremost, kailangan mo muna akong ipakilala sa mga trabahador ng hacienda."

Wala siyang nagawa nang akayin siya nito palabas ng kuwadra. Nang makarating sa kinaroroonan ng mga tauhan, isa-isa niyang ipinakilala kay Bartolome ang mga ito.

Karamihan ay hindi na niya kailangang ipakilala dahil mga dati na nilang manggagawa ang mga iyon at kilalang-kilala na ni Bart. Bumilib siya sa binata dahil hanggang ngayon hindi pa nito nakalimutan isa man sa mga nakasalamuha nito noon.

Halata sa hitsura nito ang kasabikan na muling makasama ang mga tauhan doon. Halos hindi sila nag-uusap nito dahil busy ito sa pakikipagkuwentuhan sa mga iyon.

Nang makapananghali, pinilit siya ni Bart na makisabay sa pagkain ng mga magsasaka. Kahit kailan ay hindi pa niya nagawa iyon. Katulad ng mga tauhan nila, nagkamay rin si Bartolome. May nabuhay na paghanga sa puso niya para sa lalaking minsan niyang minaliit ang pagkatao.

Habang pinagmamasdan ito, hindi niya napigilan ang pagdaloy ng alaala kung kailan lubos niya itong minaliit noon....

---

*"Who is he, Cheska? He's so payatot and so baduy," anang matalik niyang kaibigan na si Mariz. Nakatingin ito na parang pinag-aaralan ang kanyang katabi habang nasa corridor sila ng kanilang private school. Kasama nito ang kaibigan din nilang si Isabel.*

*"Siya si Bartolome, bago nating classmate. Actually, scholar siya ng Papa. Hindi kasi niya afford ang tuition natin dahil trabahador lang sa hacienda namin ang mga magulang niya."*

*Nang tingnan ni Cheska ang lalaki, nakita niya*

*ang sakit na gumuhit sa payat nitong mukha dahil sa sinabi niya.*

*"Hoy, huwag mo namang tuksuhin si Loverboy. Kahit ganyan iyan, cute naman, hindi ba?" biro pa ng best friend niya, sabay pisil sa pisngi ni Bartolome. Kaagad itong pumiksi.*

*"Uy, sensitive." Nagtawanan ang dalawa niyang kabarkada; nakihalo na rin siya.*

*"Kung hindi n'yo mamasamain, gusto kong sabihin sa inyong ipinagkatiwala si Frances Mae sa akin ng papa niya kaya hindi lamang ako basta kaklase ninyo," seryosong sabi ni Bartolome.*

*Nagkatinginan ang dalawang kaibigan ni Frances Mae.*

*"Is Tito Manoling out of his mind? Ipinagkatiwala ka sa isang taong mas payat pa yata sa iyo? Isang tingin lang, malalaman mo nang hindi ka naman kayang ipagtanggol niyan," nang-aasar na saad ni Mariz na walang pakialam kung marinig man iyon ng binata.*

*At sa maraming pagkakataon ay ginawan nila ng kalokohan si Bartolome. Ginawa nila itong katawa-tawa sa hindi niya mabilang na beses.*

Nag-iilusyon ba si Cheska o guni-guni lamang iyon?

Nakatulog siya sa kanyang silid nang bumalik sila sa mansion pagkagaling sa sakahan. At nagising siya dahil sa hagikgikang narinig. Lumabas siya ng silid at hinanap kung saan iyon nanggagaling.

Lumapit siya sa pinanggagalingan ng mga tawanan. At lalong lumalakas ang ingay—tawanan ng isang lalaki at isang babae ang naririnig niya at hindi siya puwedeng magkamali.

Parang biglang lumaki ang kanyang ulo sa nakita: si Bartolome ay nasa swimming pool. Naka-swimming trunks ang herodes at may kasama itong magandang babae, na naka-two-piece bikini. Parang bigla ay may kumurot sa kanyang puso sa eksenang nabuglawan. At hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit iyon ang nararamdaman.

Napatingin sa kanyang kinaroroonan ang babae at bahagyang ngumuso ito kay Bart para ipagbigay-alam ang presence niya. Pero saglit lang siyang tiningnan ng lalaki at saka ibinalik ang mga mata sa kasamang babae.

Madali siyang nakaalis sa kinaroroonan ng

swimming pool. *Ang herodes na iyon, may gana pang magdala ng kanyang babae sa aking pamamahay!* nagngingitngit ang kaloobang turan niya.

---

"Yaya, wala na po ba ang bisita ni Bartolome?" tanong ni Cheska sa matandang tagapag-alaga nang hindi makatiis. Wala na kasi siyang naririnig na bungisngisan.

Ilang oras iyon matapos siyang magbalik sa silid at magkulong muli roon.

Sandaling huminto si Yaya Amor sa paghihiwa ng kalabasa para tingnan siya. "Hay, hija! Mabuti nga at umuwi na ang babaeng bisita ni Bart. Aba'y daig pa ang amo kung makapag-utos, ah. Akala niya'y sa kanya ang bahay na ito," nakangusong reklamo nito. Napangiti siya.

"Umalis ho bang mag-isa ang babaeng iyon?" gusto niyang makatiyak.

"Inihatid ni Bart dahil wala daw dalang sasakyan. Siya kasi ang sumundo sa haliparot na 'yon kaya siya rin ang naghatid." Itinuon nito ang atensyon sa mga gulay na hinihiwa.

Inihatid ito ni Bartolome? Parang may matutulis

na bagay na sumaksak sa kanyang dibdib sa nalaman. Saan kaya nakarating ang mga ito?

"Bakit parang narinig ko ang aking pangalan?" Napaigtad siya nang mula sa likuran ay nagsalita ang lalaki.

"Naku, hijo! Ikaw nga ang pinag-uusapan namin. Tinatanong kasi ni Cheska kung nakauwi na ang babaeng bisita mo," panunukso ng kasambahay.

"Yaya!" Pinanlakihan niya ito ng mga mata. Tumawa lang ang matanda.

Nang balingan niya si Bart ay ganoon na lang ang pagkakangiti nito. "At ano ang sabi n'yo, Yaya?" Parang tuwang-tuwa pa ito sa nakikitang pamumula ng kanyang mukha.

"Sinabi ko siyempre na inihatid mo siya dahil iyon naman talaga ang totoo."

Halos magkadaiti ang mga braso nila ng lalaki nang abutin nito ang pitsel na nasa ibabaw ng mesa sa gilid niya. At ang herodes ay ngingisi-ngisi pa.

Nagkatitigan sila. "At ano naman ang sabi niya?" Nakatitig ito sa kanya sa halip na sa kausap na matanda. Hindi niya maalis ang tingin sa binata dahil parang na-magnet ang mga mata niya rito.

Para namang napansin ni Yaya Amor ang namumuong tension sa pagitan nila. Parang nananadyang nagpaalam ito sa kanila. May kukuhanin umano itong kulang na sahog sa maliit na taniman nila ng gulay sa likod-bahay.

Kinuha ni Bart ang baso sa kamay niya at nagsalin doon ng tubig at walang-anumang tinungga ang laman niyon.

Napasinghap siya sa ginawa nito. Bakit kailangan nitong gamitin ang basong ininuman na niya?

"Bakit hindi ka sa akin magtanong at kailangan pang kay Yaya ka mag-usisa?" anitong nakatitig muli sa kanya.

"Hindi naman 'yun importante, Bartolome. Naingayan lang ako sa loud music ninyo kanina. Para kasing walang ibang nakatira sa bahay na ito kung magpatugtog kayo," aniya na hindi makatingin dito. Pasalamat na lang siya at hindi siya nag-stammer.

"Ows? Is that really the reason, Frances Mae? Baka naman nagseselos ka kay Zarah."

"At bakit naman ako magseselos?" Pinilit niyang iiwas ang mukha rito dahil sobrang lapit na nila sa isa't isa, pero waring nananadya ito at kung saan niya ibaling ang mukha ay roon din ito bumabaling.

"Ewan ko." Nagkibit-balikat ito. "Baka lang kasi may gusto ka sa akin kaya gan'un."

Nanlaki ang mga mata ni Cheska. "Ano! Who do you think you are?"

Lumawak ang ngiti nito. "Ako lang naman ang pinakaguwapong lalaking nasilayan mo sa buong buhay mo."

Huli na para umiwas siya dahil na-corner na siya nito; ang dalawang kamay nito ay nasa magkabilang gilid ng kanyang baywang at nakahawak sa lamesa.

"What now, Frances Mae?" Pilyo ang pagkakangiti nito.

Pero gayon na lang ang panlalaki ng kanyang mga mata nang maramdaman kung saan bumaba ang mga labi nito. Nandoon na iyon sa kanyang kaliwang tainga at bumubulong doon. Nangilabot siya sa kakaibang init na hatid ng ginawa nito. At nang lumapat ang labi nito sa kanyang tainga, halos manigas siya. Hindi niya alam kung bakit nito iyon ginagawa.

Malakas na tinulak niya ang dibdib nito at binirahan ng takbo bago pa nito masukol ang damdamin niya.

# 4

Walang sumasagot sa kanyang mga katok. Ang sinabi ni Yaya Amor ay hindi naman daw lumalabas si Bartolome sa silid nito at alas siete na ng gabi. Saan kaya ito pupunta ng ganitong oras?

Nalaman ni Cheska na hindi naka-lock ang pinto kaya unti-unti niyang pinihit ang seradura at dahan-dahang pumasok. Sumalubong sa kanya ang madilim na paligid sa seating area ng kuwarto at ang napakalamig na hanging nagmumula sa air-con. Tuluy-tuloy siyang pumasok sa silid hanggang sa bumulaga sa kanya ang queen-sized na kama. Nakabukas ang lampshade sa tabi ng higaan at nakita niya si Bartolome na nagbabasa ng libro.

Napalunok siya. Hindi niya alam kung tatawagin ito o dahan-dahan na lang lalabas muli sa silid nito. Naramdaman yata ng lalaki ang kanyang presence at nang bumaling ito sa kanya ay nakita niya ang pagtataka sa mukha nito.

“Frances Mae, why are you here?” Awtomatikong tumalikod siya nang makita ang kahubdan nito nang kumilos ito.

"Fix yourself first."

Narinig niya ang pagtawa nito. "Ikaw 'tong bigla na lang pumasok dito."

Parang noon din lamang niya na-realize ang kanyang ginawa. Gusto na niyang lamunin siya ng lupa para bigla na lang siyang mag-disappear sa harapan nito.

Tumikhim si Cheska, nag-iisip ng idadahilan. Nahihiya siyang aminin na nag-aalala siya rito kaya niya ito hinanap. "I… I just want to ask kung may kumot na ibinigay sa 'yo si Yaya. Kasi ang ibang kumot ay nakatago. Iyon lang."

Nakita niya kung paano umabot hanggang sa tainga nito ang pagkakangiti. Gusto tuloy niya itong umbagin.

"My dear Frances Mae, almost a week na ako dito. Kung wala pa akong kumot hanggang ngayon, sana noon pa ako nag-complain. At nakikita mo naman ito, di ba?" Bahagyang itinaas nito ang kumot na gamit.

Wala siyang maapuhap na sasabihin. Pakiramdam niya ang sing-pula na ng kamatis ang kanyang mukha.

"I wouldn't mind kung may iba ka pang reason kung bakit ka naligaw rito," anito.

Nang tumayo si Bart ay saka siya kumilos. "Sige, aalis na ako…" Pero bago pa siya nakakilos ay naharangan na siya nito at ganoon na lang ang panlalaki ng kanyang mga mata nang mapansing naka-boxer shorts lang ito.

"Not so fast, sweetie. Bakit hindi mo pa lubusin ang pagpunta mo dito?" Nanunukso ang mga mata nito.

"Ano ba'ng sinasabi mo?" Nag-iwas siya ng tingin.

"Oh, come on. I know you want something. The very same thing as what I have in mind." Mabilis na umangkla sa baywang niya ang isang braso nito.

"Bart…" Hindi niya namalayang napaigsi niya ang  pagtawag sa pangalan ng lalaki.

"I love the way you say my name, Frances Mae." Ibinuka niya ang bibig para magsalita, pero inilagay nito ang isang daliri sa mga labi niya para pigilan siya. "Shh... don't say anything. Just feel me, sweetie…" anas nito saka pinagtagpo ang kanilang mga labi. Mainit na tinugon niya iyon. Napakainit ng katawan nito at damang-dama niya iyon.

Binuhat siya nito at hindi siya tumutol. Unti-unti siya nitong inilapag sa kama, saka ito pumaibabaw sa kanya. Tinitigan siya nito na puno ng mga katanungan ang mga mata. Sunud-sunod ang naging paghinga nito.

"Frances Mae, nandidiri ka pa rin ba sa mga ginagawa ko?" Sukat doon ay para siyang binuhusan ng malamig na tubig. "Nandidiri ka pa rin ba sa akin?"

Hindi niya sinagot ang tanong nito, sa halip ay sinabi niya, "Pumunta lang ako dito dahil may gusto akong itanong sa 'yo," depensa niya.

"At ano iyon?" Alam niyang pinipigilan lang nito ang gustong gawin dahil titig na titig ito sa kanyang mga labi.

Dapat ba niyang isatinig iyon? Pero nasukol na siya nito. "Gusto kong malaman kung totoong may namagitan sa atin noon."

Ang totoo, may vague idea siya. Wala naman kasi siyang naramdamang kakaiba sa kanyang katawan nang magising siya kinabukasan. Pero hindi rin siya sigurado dahil lasing na lasing siya nang gabing iyon at masamang-masama ang loob dahil sa hindi pagkausap sa kanya ni Bartolome nang kung ilang

linggo.

Nakita niya ang pagtatagis ng mga bagang nito. “Bakit, Frances Mae Romualdo, masyado ka bang nalasing noon kaya wala kang matandaan sa mga nangyari? O natatakot ka lang dahil ang nakasiping mo nang sandaling iyon ay isang katulad ko lamang?”

Hindi siya nakahuma sa sinabi nito.

“Damn, don’t cry! I don’t want those damn tears, sh*t!” anito. Marahas itong kumawala sa kanya at tumayo sa harap ng kama.

Mabagal siyang bumangon. “Lasing ako noon, Bart. Wala ako sa huwisyo para malaman ang nagaganap. Ano ba talaga ang nangyari? Wala akong matandaan.”

Ngumisi ito pero naroon sa mga mata ang galit. “Why don’t we find out together? Let’s start from the very beginning… just like how we did it that night.”

Pero hindi nito nagawa ang balak dahil patuloy na umagos ang kanyang luha.

“Sh*t!” nausal nito muli.

“Alam mo bang iyon ang dahilan kung bakit naging mahirap na sa akin ang makipagrelasyon? Kaya utang-na-loob, tapatin mo ako.”

“Bakit hindi ka lumapit sa doctor para malaman mo?” Puno ng pagtataka ang hitsura ni Bart.

“Natakot ako…” Pagtataka ang lumarawan sa guwapong mukha nito pero mayamaya ay tumangu-tango.

“Natatakot ka bang malaman ng mga lalaking iyon kung virgin ka pa o hindi, sweetie?” Napalunok si Cheska. “I’m sure, kahit sino ka pa’y matatanggap ka pa rin nila, katulad ng mga hindi mabilang na lalaking dumating sa buhay mo.”

It was an insult pero nakaukit na sa isip nito na isa siyang masamang babae at wala na siyang magagawa pa roon.

Muli itong sumampa sa kama at dinaganan siya. “Let me go, Bart…”

“I thought you want to find out the answer to what’s bothering you all these years?”

“But not this way.” Iniiwas ni Cheska ang mukha rito.

“Then tell me how you want it,” nanghihibong saad nito.

“Let me go!”

Hindi siya nito pinigilan nang itulak niya ito. Mabilis siyang bumangon at nagmamadaling lumabas ng silid nito.

Pinahid ni Cheska ang kanyang luha. Dapat lang ba sa kanya ang ginagawa ngayon ni Bartolome, pagkatapos ng masasakit na bagay na ginawa niya rito noon? At minsan pa'y muling bumalik sa kanyang alaala ang isang parte ng nakaraan kung saan lubos niya itong nasaktan....

---

*Alam niyang may binabalak na namang masama si Jackson kay Bartolome dahil nakita ng mga ito sa billboard na sumali ang tutor niya sa Science Quiz Bee na gaganapin ngayong araw.*

*"Jackson, spare Bartolome even just for today. Utang-na-loob, this contest means a lot to him," ani Cheska sa nobyo. Kasasagot lamang niya rito noong isang linggo.*

*"Babes, huwag kang killjoy. At ano ang meaning ng contest na iyon sa katulad niyang mahirap lamang?"*

*"Please, Jackson… kahit ngayon lang huwag mong gawan ng kalokohan 'yung tao." Inagaw niya ang maliit na botelya mula sa kamay nito at binasa iyon. "Pampurga ito, ah. Ano'ng gagawin n'yo dito?"*

*"Come on, don't be a spoilsport, Cheska," ani Mariz na biglang bumungad sa kinaroroonan nila. Pinsan nito si Jackson.*

*"This is just for fun, babes." Wala na siyang nagawa nang akayin siya nina Mariz at Isabel para ilayo roon upang malayang magawa ng kanyang nobyo ang binabalak nito sa kaawa-awang si Bartolome.*

*Gayon na lang ang panggigilalas niya nang malamang wala sa mga contestants si Bartolome. Nang tanungin niya sa gurong in-charge sa contest kung nasaan ito ay hindi raw ito makakadalo dahil bigla raw sumakit ang tiyan nito at nagda-diarrhea.*

*Parang gusto niyang manlata sa nalaman. She pitied Bart and wanted to kill Jackson and the rest of the gang sa ginawa ng mga ito sa lalaki.*

*Hindi siya nag-aksaya ng panahon para mabisita ito. Pero laking gulat ni Cheska nang madatnan itong nakahiga sa kamang yari sa kahoy sa isa sa mga silid ng bahay-kubo ng mga ito. Naramdaman yata nito na hindi ito nag-iisa kaya lumingon ito sa pintuan kung saan siya naroroon.*

*Ngayon lang niya nakita ang mabalasik na hitsura nito habang nakatingin sa kanya. "Ano'ng ginagawa mo dito?"*

*Lumunok-lunok muna siya bago nagsalita, "Gusto ko lang alamin ang kalagayan mo."*

*"Hindi pa ba sapat ang ginawa n'yo sa akin ng barkada mo?"*

*"Hindi totoo ang sinasabi mo, Bartolome."*

*"Puwede ba, Frances Mae. Huwag mong sabihing hindi mo alam ang binabalak nila?" sarkastikong turan nito.*

*"Alam ko, pero…"*

*"Kita mo na. Alam kong isa ka rin sa mga nagplano ng paglalagay ng pampapurga sa inumin ko. Alam mo ba kung gaano kaimportante sa akin ang quiz bee na 'yun?"*

*Hindi siya nakapagsalita; nagyuko siya ng ulo dahil sa matinding hiya.*

*"Ang premyo roon sana ang gagamitin kong panghanda sa kaarawan ng Inay, dahil matagal nang hindi kami naghahanda kapag dumarating ang birthday niya. Kapag sana nanalo ako sa contest ay sosorpresahin ko siya. Pero dahil sa kalokohan n'yo ng mga kaibigan ninyo, nawalan ng saysay ang lahat ng iyon. Napakasama mo, Frances Mae Romualdo."*

*Napalunok si Cheska, ngayon lang siya*

*napagsabihan ng ganoon kasakit at galing pa sa taong hindi niya inaasahang magsasabi sa kanya. Parang hinaplos ang puso niya sa anyo nito.*

*Pero hindi siya nawalan ng pag-asa, inalam niya ang araw ng kaarawan ni Aling Sylvia at magpapahanda siya kay Yaya Amor ng masasarap na pagkain at sa mismong kaarawan nito ay nagsadya siya sa bahay ng mga Concepcion para mag-celebrate. Sa ganoong paraan, baka mabawasan ang guilt na kanyang nararamdaman.*

*Laking gulat ng mga ito nang mapagbuksan siya ng pinto, madilim na noon at kagagaling lang niya ng eskuwuela.*

*Pinagsaluhan nila ang kanyang mga dala pero kibuin-dili siya ni Bartolome. Bakit bigla na lang nagbago ang pakikitungo nito sa kanya? Bakit parang hinahanap niya ang dating Bartolome na nakilala niya?*

---

*Nakita ni Cheska si Bart sa di-kalayuan papasok na sa bungad ng St. Joseph Academy. Mula noong hindi ito nakasali sa quiz bee, hindi na siya nito kinakausap. Ni hindi ito nadadalaw sa mansion para turuan siya. Hindi na rin niya ito nakikita maliban sa*

*school. At aminin man niya o hindi, nami-miss niya ang presence at atensyon nito.*

*Napansin niya ang grupo ni Jackson sa di-kalayuan. Alam niyang si Bartolome ang hinihintay ng mga ito. Tila balak na naman nitong pagtripan ang pobre. Malakas ang pakiramdam niyang ganoon nga dahil nabalitaan na yata ng nobyo niya ang ginawa niyang pagdalaw sa binatang scholar noong mag-diarrhea ito. Alam na rin nito marahil ang pagdadala niya ng pagkain para rito at sa inang nagdaos ng kaarawan. At napakaseloso ng kayang katipan.*

*Mabilis siyang lumapit kay Bartolome para mailayo ito lugar ni Jackson. Binati niya ito pero hindi ito sumagot. Tuluy-tuloy lang ito sa paglalakad.*

*"Samahan mo muna akong magmerienda. Dinig ko, masarap ang palabok nila diyan sa eatery kapag bagong luto."*

*"Ikaw na lang kung gusto mo," matabang na tugon ni Bart.*

*Huli na para pilitin niya ito dahil nagsalubong na ang kanilang mga daraanan. Itinapon ni Jackson ang sigarilyo at hinarap sila.*

*"So, guys, tingnan ninyo kung sino ang kasama ng magaling kong nobya—walang iba kundi si*

*Lampayatot." Nagtawanan ang mga kabarkada nito.*

*"Jackson, huwag kang gumawa ng gulo dito. Nakikiusap ako."*

*Humarang siya sa daraanan ni Bartolome pero tinabig nito ang kamay niya at humarap sa anim ng schoolmates.*

*"Hayaan mo sila, naghahanap sila ng gulo kaya pagbibigyan ko na," ani Bartolome.*

*Natameme siya, nagtawanan pa lalo ang mga lalaking naroon.*

*"Oy, lumalaban na si Lampayatot. Bakit ano ba'ng ipinagmamalaki mo?" Sinagi ng kanyang nobyo ang braso ni Bart na himalang hindi man lang natinag. Siya ang pumagitna sa dalawang lalaki.*

*"Bakit, siya na ba ang sinasamahan mo ngayon at nagmamalaki ka na, ha, Cheska?"*

*"Ano ngayon sa 'yo kung sumama ako sa kanya? Ikaw, ba't di mo tanungin ang sarili mo? Baka ikaw ang may sinasamahang ibang babae." Matagal na niyang naririnig ang mga ganoong balita, hindi lang niya pinagtutuunan ng pansin.*

*"Nagseselos ka ba, babes?" Hinaplos pa ni Jackson sa pisngi si Frances Mae pero tinabig niya ang kamay*

*nito. Akmang pagbubuhatan siya nito ng kamay pero biglang humarang dito si Bartolome.*

*"Matuto kang gumalang. Para kang di lalaki, pumapatol sa babae!"*

*"Aba't parang tinawag kang bakla, Jackson." Nagtawanan ang mga kabarkada nito, dahilan para mapahiya ito. Sa sobrang galit ay walang anu-ano nitong sinuntok si Bartolome.*

*Gumanti ang lalaki at ilang sandaling nagpambuno ang mga ito. Nagulat ang dalaga dahil may itinatago palang katapangan si Bartolome na hindi niya alam. Nang akmang matatalo na si Jackson, sinenyasan nito ang mga kasama kaya pinagtulung-tulungan ng mga ito ang kawawang katawan ni Bartolome.*

*Hindi gustong magpatalo ni Bart kaya kahit hirap ay pinilit nitong makaganti, pero ano ba naman ang laban nito sa anim na lalaki? Saka lang nilubayan ng mga ito ang kanilang kalaban nang hirap na hirap na itong makatayo at pulos pasa at dugo na ang katawan.*

*Katulong ang mga taong naroon, dinala nila ang lalaki sa bahay ng mga ito.*

*Ganoon na lang ang naramdamang awa ng dalagita sa ina nitong si Sylvia nang makita ang kinahinatnan ng anak. Iyak ito nang iyak habang*

*pinagyayaman nila ang binata. Hindi siya umalis sa bahay ng mga ito hangga't hindi nagigising si Bartolome.*

*Pero laking panlulumo niya nang magising ito at labasin siya ni Sylvia at sinabing ayaw umano siyang makausap ng anak nito.*

*Nanlulumo man ay sinunod ni Cheska ang kagustuhan ng lalaki. Umalis siya sa bahay na iyon na wari ay dala-dala sa balikat ang buong daigdig.*

---

Sa kasalukuyan...

Kitang-kita ni Cheska ang mabalasik na anyo ni Bart, hindi man lang ito nagbigay-galang bagkus ay walang sabi-sabing dumaan sa harapan nila ng asawa ng pinakamatalik niyang kaibigan. Isang hapon iyon na inabutan nitong may bisita siyang kinakausap sa sala ng mansion.

"Cheska, sino 'yun?" tanong ni Carlo na hinabol ng naiinis na tingin si Bartolome.

"He is Bartolome…"

"Oh, my God! Don't tell me he's the one… eleven years ago?" Marahan siyang tumango. "How come?" Hindi pa rin ito makapaniwala.

Alam nito, katulad ng pagkakaalam ng asawa nitong si Geena na kaibigan din niya noong high school, ang bahaging iyon ng kanyang nakaraan.

"Siya ang nakabili ng hacienda at ng mansion, Carlo. I owe everything to him…"

"My God, Cheska, have you known this ever since?"

Umiling siya. "Believe me, Carlo, kahit sa panaginip, I didn't expect na makikita ko pa siyang muli at sa ganito pang paraan."

"Nagkausap na ba kayo?"

"Tungkol saan?"

Pagak itong tumawa. "Cheska, marami kayong dapat na pag-usapan ni Bartolome. And you know what I'm talking about."

"Nag-usap na kami pero hanggang ngayon hindi pa rin malinaw sa akin kung ano talaga ang totoong nangyari nang gabing iyon," malungkot ang tinig na tugon niya.

"You should talk to him about it. Aba'y hindi biro ang napagdaanan ng pinsan kong si Justin sa pagbigo mo sa kanya dahil lamang hindi mo alam ang—"

“Please, Carlo, ayaw kong pag-usapan ’yan.”

“Don’t be stubborn, Cheska. You can do it. At kailan mo ipagtatapat ang naging damdamin mo sa kanya?”

Sukat doon ay parang gusto niyang humilata sa pag-iyak. “Hindi na niya kailangang malaman pa iyon, wala nang dahilan.”

Marahang kinuha ni Carlo ang isa niyang kamay at tinapik-tapik iyon. Ang lahat ng iyon ay nasaksihan ni Bartolome. Nakatiim-bagang ito, tila anumang saglit ay kayang suntukin ang sinumang Poncio Pilato na kausap ni Cheska nang sandaling iyon.

---

“Siya ba ang dahilan kung bakit gusto mong malaman kung may namagitan sa atin nang gabing iyon?”

Nagulat si Cheska nang mula sa kanyang likuran ay dumadagundong na nagsalita ang binata at mabalasik ang mga mata nitong nakatingin sa kanya.

“Leave Carlo out of this, Bartolome. He has nothing to do with it.”

"How sweet," sarkastikong turan nito. "Dito n'yo pa ipinaparamdam sa isa't isa ang inyong pagkasabik. Why, do you miss his kisses that much at hindi na kayo makapaghintay pa na gawin iyon sa kuwarto at—"

Hindi na nito naituloy ang sasabihin dahil isang matunog na sampal ang pinadapo niya sa pisngi nito.

Napatiim-bagang ito at walang anu-anong sinakop ang kanyang labi. Mapangahas na para siyang pinaparusahan sa klase ng halik nito.

Nanlaban si Cheska; kinalmot niya ito. Gamit ang isang kamay, parang bakal na hinuli nito ang mga pupulsuhan niya at inipit ang mga iyon sa kanyang likuran at malaya nitong ginawa ang naisin sa kanya. Ang isang kamay naman nito ay marahas na nagbukas sa mga butones sa harapan ng kanyang damit at sinakop ang isa niyang dibdib. Halos habol nila ang paghinga nang maghiwalay ang kanilang mga labi.

"My proposal is still open, Frances Mae," anas nito habang hinahagkan ang leeg niya.

Kinabahan siya. "W-what proposal?"

Itinaas ni Bart ang mukha para masalubong ang

paningin niya. “Puwede nating alamin ang nangyari noon. Because honestly, Frances Mae, kahit ako’y naguguluhan rin kung talaga bang may nangyari sa atin noon. Marami rin kasi akong nainom noon.”

“Let me go!” Lumuwang naman ang pagkakayapos nito sa kanya pero hindi pa rin siya lubusang pinakawalan.

“Isa sa mga gabing ito ay papasok ako sa kuwarto mo at kung nakabukas ang pinto, ibig sabihin lamang ay gusto mo rin ang gusto kong mangyari.”

Nagtagumpay itong itatak iyon sa kanyang isipan.